# Mangilag kayong magkasala kay Allāh na Panginoon ninyo, magdasal kayo ng limang [dasal] ninyo, mag-ayuno kayo sa buwan [ng pag-aayuno] ninyo, magbigay kayo ng zakāh ng mga yaman ninyo, at tumalima kayo sa may kapamahalaan sa inyo ninyo, papasok kayo sa Paraiso ng Panginoon ninyo."}

Ayon kay Abū Umāmah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagtatalumpati sa Ḥajj ng Pamamaalam saka nagsabi siya: "Mangilag kayong magkasala kay Allāh na Panginoon ninyo, magdasal kayo ng limang [dasal] ninyo, mag-ayuno kayo sa buwan [ng pag-aayuno] ninyo, magbigay kayo ng zakāh ng mga yaman ninyo, at tumalima kayo sa may kapamahalaan sa inyo ninyo, papasok kayo sa Paraiso ng Panginoon ninyo."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Aḥmad]

Nagtalumpati ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Araw ng `Arafah sa Ḥajj ng Pamamaalam noong taong 10 Hijrah. Tinawag itong gayon dahil siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay namaalam sa mga tao rito. Nag-utos siya sa mga tao sa kalahatan na mangilag silang magkasala sa Panginoon nila sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya, na magdasal sila ng limang ṣalāh na isinatungkulin ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa araw at gabi, na mag-ayuno sila sa buwan ng Ramaḍān, na magbigay sila ng zakāh ng mga yaman nila sa mga karapat-dapat sa mga ito at huwag silang magmaramot ng mga ito, at na tumalima sila sa mga ginawa ni Allāh bilang mga pinuno sa kanila sa hindi pagsuway kay Allāh. Ang sinumang gumawa nitong mga bagay na nabanggit, ang gantimpala sa kanya ay ang pagpasok sa Paraiso.